Republic of the Philippines
# Department of Education
**REGION XI**
**SCHOOLS DIVISION OF DIGOS CITY**

Office of the Schools Division Superintendent

**DIVISION MEMORANDUM**
CID-2023-293

To : Tagamasid Pampurok
Tagapamahala ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan
sa Sekundarya at Elementarya
Guro sa Filipino

Subject : **Buwan ng Wikang Pambansa 2023**

Date : AUGUST 1, 2023

Alinsunod sa Regional Memorandum CLMD-2023-419, ipinapapaabot sa mga kinauukulan ang pakikiisa ng Kagawaran ng Edukasyon sa pamamagitan ng Sangay sa Pamamahala ng Kurikulum sa Pagkakatuto ang pagdiriwang ng Buwan ng Wika tuwing ika 1-31 ng Agosto ayon sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Bilang 1041 s. 1997. Ang detalye ng nasabing gawain ay nakapaloob sa kalakip na dokumento.

Ang temang nakatakda sa taong ito ay "Filipino at mga Katutubong Wika: Wika ng Kapayapaan,Seguridad, at Inklusibong pagpapatupad ng Katarungang Panlipunan".

Ang lahat na mga kawani ng tanggapan ay inaasahang:

a. magsuot ng barong, filipiniana o mga katutubomg kasuotan tuwing Lunes sa buong buwan ng Agosto;

b. gamitin ang Wikang Filipino sa mga ugnayang pulong, programa o gawain; at

c. panonood ng mga dokumento, kaganapan o iba pang gawaing na may kaugnayan sa tema.

Ang mga pampublikong paaralan ay inaasahang magsasagawa ng pagdiriwang ayon sa temang nakasaad sa bawat linggo.

Ang mga tagapag-ugnay sa Filipino ay magkakaroon ng online na pagpupulong sa Agosto 2, 2023 3:00 PM ng hapon. Ang link ay ibibigay sa mga kalahok sa official Group Chat ng grupo.

Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

DepEd Schools Division of Digos City
RECORDS SECTION
RELEASED
23-105592
DATE: AUG 0 1 2023 TIME: 1:57
BY:

**MELANIE P. ESTACIO, PhD, CESO VI**
Schools Division Superintendent

For and in the absence of the Schools Division Superintendent
08/01/23
CHERRIE ANNE B. BOHOL
Education Program Supervisor
Officer-In-Charge

Enclosed: As stated.
CID/jmn

Roxas Street cor. Lopez Jaena Street, Zone II, Digos City 8002
(082) 553-8396 | (082) 553-8376 | (082) 553-9170 | (082) 553-8375
(082) 553-8396 | (082) 553-8376
www.depeddigoscity.org | digos.city@deped.gov.ph

RECORDS

23 - 22015

DB # 105592

Republic of the Philippines
# Department of Education
DAVAO REGION

**Office of the Regional Director**

**REGIONAL MEMORANDUM**
CLMD-2023-419

Para sa : Tagapamanihalang Pansangay

Paksa : PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2023

Petsa : July 25, 2023

Ang Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon XI, sa pamamagitan ng Sangay sa Pamamahala ng Kurikulum sa Pagkatuto, ay nakikiisa sa taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing ika 1-31 ng Agosto, alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Bilang 1041 s. 1997, sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

Para sa sabayang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa ipinatutupad ang KWF Kapasiyahan ng Kalupunan blg. 06-02 serye 2023 na nagtatakda ng temang: **"Filipino at mga Katutubong Wika : Wika ng Kapayapaan, Seguridad, at Inklusibong pagpapatupad ng Katarungang Panlipunan"**, na naglalayon na ilaan ang Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika.

Layunin ng Buwan ng Wika 2023 ang sumusunod:

a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg 1041;
b. Maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito;
c. Mahikayat ang iba't ibang ahensyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
d. Maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga Gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
e. Maipakilala sa mamayang Pilipino ang KWF bilang ahensya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga Wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

Address: F. Torres St., Davao City (8000)
Telephone Nos.: (082) 291-1665; (082) 221-6147

Republic of the Philippines
**Department of Education**
DAVAO REGION

**Office of the Regional Director**

Hinihikayat ang lahat ng Tanggapan at Paaralan ng Kagawaran ng Edukasyon na makibahagi sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa sa darating na Agosto 2023. Samantala ang mga Tagamasid Pansangay sa Filipino ay magsasagawa ng Pagpupulong sa Hulyo 28, 2023 sa ganap na 9:00 ng umaga kaugnay sa nasabing pagdiriwang na gaganapin sa Durian Hall, 3rd Floor ng DepEd RO XI.

Lakip ng memorandum na ito ang kabuoang detalye ng Buwan ng Wikang Pambansa 2023 ayon sa Memorandum Pangkagawaran Blg 036, s 2023.

Para sa iba pang detalye at impormasyon, maaring makipag-ugnayan sa Sangay sa Pamamahala ng Kurikulum at Pagkatuto sa telepono blg. 222-2653.

Hinihiling ang maagap at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**ALLAN G. FARNAZO**
Director IV

By the Authority of the Regional Director

REBONFAMIL R. BAGUIO
Director III

26 JUL 2023

DEPARTMENT OF EDUCATION ROXI
RECORDS SECTION
RELEASED
By:
Date: July 26, 2023
Time: 229N

*ROC13/mjmm*

Address: F. Torres St., Davao City (8000)
Telephone Nos.: (082) 291-1665; (082) 221-6147

ISO 9001:2015 - Certified